BRAMPTON

**Media Release**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Tumutulong ang Enbridge Gas sa Brampton Fire na mabawasan ang mga kamatayan sa sunog at carbon monoxide sa pamamagitan ng Safe Community Project Zero




Mula kaliwa pakanan: Deputy Fire Chief Rob Martin, Deputy Fire Chief Andrew Von Holt, Sparky the Fire Dog, at Fire Chief Bill Boyes mula sa Brampton Fire and Emergency Services

BRAMPTON, ON (Oktubre 25, 2021) – Sa araw na ito, inanunsyo ng Brampton Fire and Emergency Services, Enbridge Gas, at ng Fire Marshal's Public Fire Safety Council na magkasama silang nagtatrabaho para madagdagan ang kaligtasan sa pamamahay at pababain sa zero ang mga kamatayan mula sa sunog at carbon monoxide.

Sa pamamagitan ng isponsor ng programa na Enbridge Gas, nakatanggap ang Brampton Fire and Emergency Services ng 606 na kombinasyon ng mga alarma sa sunog at carbon monoxide sa pamamagitan ng *Safe Community Project Zero*, isang kampanya sa edukasyon ng publiko na magbibigay ng higit sa 16,600 alarma sa mga residente sa 70 munisipalidad sa buong Ontario. Ang mga alarma na ito ay ipamamahagi sa mga residente ng Brampton sa loob ng darating na mga buwan.

Sa taon na ito, namuhunan ang Enbridge Gas ng $500,000 sa Safe Community Project Zero, at sa loob ng nakalipas na 13 taon, ang programa ay nakapagbigay ng higit sa 68,000 alarma sa Ontario fire departments. Ang Brampton Fire and Emergency Services ay nakapagbigay ng higit sa 3,000 alarma sa mga kasapi ng komunidad ng Brampton sa pamamagitan ng Project Zero.

Kapag wastong nainstala at namintina, ang kombinasyon ng mga alarma ng usok at carbon monoxide ay makakatulong sa pagbibigay ng maagang mga palatandaang babala para ligtas na lumikas mula sa sunog sa bahay o pagkakalantad sa carbon monoxide. Ang carbon monoxide ay isang nakakalason, walang amoy na gas na resulta ng hindi kumpletong combustion ng maraming uri ng karaniwang mga panggatong (fuel).

**Mga Quote**

"Ang partnership na tulad nito ay makakatulong sa pagdagdag sa kabutihan ng ating komunidad at makakaambag sa pagiging Nakakalusog at Ligtas na Lungsod ng Brampton. Salamat sa Enbridge Gas para sa inyong nagpapatuloy na suporta at donasyon, kayo ay tunay na partner sa kaligtasan ng publiko. Ang paglahok sa Project Zero ay makakatulong sa atin na makatanggap ng mga alarma ng usok at carbon monoxide para sa ating mga residente, tinitiyak na sila at ang kanilang mga mahal sa buhay ay nananatiling ligtas."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Tayong lahat ay gumaganap ng parte sa pagpapanatili sa ating komunidad na Nakakalusog at Ligtas, at pinapasalamatan ko ang ating mga lokal na partner sa Enbridge Gas sa paggawa ng kanilang parte para suportahan ang Brampton. Ang partnership na ito ay susi sa pagtiyak na ang ating komunidad ay nananatiling may-alam sa kung paano nila mapoprotektahan ang kanilang mga sarili at ang mga kasama nila sa bahay. Sa 100% ng ating pinagsamang mga pagsisikap, alam ko na makakamit natin ang ating layunin na zero."

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

"Ang mga alarma ng usok at carbon monoxide ay nakapagliligtas ng buhay. Sa kasamaang palad, nahaharap pa rin tayo sa mga sitwasyon kung saan hindi minimintina ang mga alarma o sadyang idiniskonek. Ang wastong pagkaka-instalang alarma ng usok at carbon monoxide ay dapat nasa labas ng lahat ng tulugang mga lugar. Tiyakin na mayroon kayong wastong mga alarma sa inyong bahay para sa mga tao sa lahat ng kakayahan – ang mga bed shaker at strobe na mga alarma ay magagamit para sa mga taong may kapansanan. Responsibilidad ninyo ang kaligtasan. Sumali sa amin sa Linggo ng Kamalayan sa Carbon Monoxide Nobyembre 1 – 7 para sa mga detalye kung paano mananatiling ligtas."

- *Bill Boyes, Fire Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

"Kilala ang carbon monoxide bilang ang 'silent killer' na may dahilan, at may patunay tayo na ang pag-iwas ay nakakapagligtas ng buhay. Alam natin na ang pinakamabuting paraan para maiwasan ang pagkakalantad sa carbon monoxide ay ang tanggalin ito sa pinagmulan sa pamamagitan ng pagmintina ng kasangkapan ng pagsunog ng panggatong, at na ang mga alarma ay isang kritikal na ikalawang linya ng depensa para magpoprotekta laban sa pagkalason sa carbon monoxide."

- *Biké Balkanci, Director, GTA West/Niagara Operations, Enbridge Gas*

"Ang mithiin ng Safe Community Project Zero ay upang makapaghatid ng mga alarma ng kombinasyon ng usok at carbon monoxide sa mga komunidad ng Ontario na pinaka-nangangailangan sa mga ito. Ito ay isang programa kung saan maaaring gamiitn ng mga fire department para makatulong sa pagbibigay-kaalaman sa kanilang mga komunidad tungkol sa iniuutos sa lahat ng bahay sa Ontario na magkaroon ng alarma ng CO kung sila ay may appliance na ginagamitan ng panggatong o isang naka-attach na garahe"

- *Jon Pegg, Ontario Fire Marshal and Chair of the Fire Marshal's Public Fire Safety Council*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**MGA KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca

Kathy Ash, Fire Marshal's Public Fire Safety Council
1-866-379-6668 ext. 105 |
kathy.ash@firesafetycouncil.com

Enbridge Gas Media
1-855-884-5112 | enbridgegasmedia@enbridge.com